Hindi pinapili ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dalawang bagay malibang kinuha niya ang pinakamadali sa dalawa hanggat ito ay hindi naging kasalanan sapagkat kung ito ay naging kasalanan, siya ay ang pinakamalayo sa mga tao roon

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "Hindi pinapili ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dalawang bagay malibang kinuha niya ang pinakamadali sa dalawa hanggat ito ay hindi naging kasalanan sapagkat kung ito ay naging kasalanan, siya ay ang pinakamalayo sa mga tao roon. Hindi naghiganti ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa sarili niya maliban na labagin ang kabanalan ni Allāh sapagkat maghihiganti siya para kay Allāh dahil dito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang ina ng mga mananampalataya, si `Ā'ishah(malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi, tungkol sa ilan sa mga kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kabilang sa binanggit niya na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi pinapili sa pagitan ng dalawang bagay malibang kinuha niya ang pinakamadali sa dalawa hanggat ang pinakamadali ay hindi humihiling ng kasalanan sapagkat tunay na siya ay magiging pinakamalayo sa mga tao roon at pipiliin niya ang pinakamatindi. Hindi naghiganti ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) para sa sarili niya lalo na; bagkus nagpapalampas siya at nagbabalewala ng karapatan niya maliban na labagin ang mga kabanalan ni Allāh sapagkat para kay Allāh ay maghihiganti siya. Siya noon ang pinakamatindi sa mga tao sa pagkagalit para kay Allāh.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6389